The Mindanao Forum, Vol XV1, No. 2 (December 2001)

# Ilang Isyung Pampanitikan: Pagtuturo at mga Teorya

ANGELINA L. SANTOS, Ph.D.

## Abstrak

*Nakafokus sa dalawang isyung pampanitkan ang artikulo – una, sa kung paano ituturo ang panitikan, at pangalawa, sa kung paano babasahin ito. Ang unang problema ay tumatalakay sa katangian ng mga titser na siyang nagsisilbing tagapamagitan sa kanyang mga estudyante at sa teksto. Ang ikalawang problema ay tumatalakay naman sa kung paano gagabayan ng mga titser ang mga estudyante sa pagbasa ng mga akdang pampanitikan gamit ang iba't ibang pagdulog o teorya na maaaring nabibilang sa tradisyunal o makabagong pagdulog.*

## Introduksyon

Nagbabago ang lahat maliban lamang sa pagbabago. At sa mga pagbabago, kabilang na rito ang pagbibigay-tuon sa pagpapabuti o pagpapahusay sa pagtuturo ng panitikan lalo na sa level sekondari.

Mababasa sa pahina dalawa (2) sa "Patunubay sa Operasyonalisasyon ng Filipino sa Batayang Edukasyon sa Level Sekondari" na ipinalabas ng Departamento ng Edukasyon ang ganito –

> Hindi nagkaroon ng radikal na pagbabago sa kontent ang Filipino bilang sabjek sa level sekondari. Nanatili ang pagtuturo ng gramatika ng wika at ng panitikan . . . Sa panitikan, tiniyak lamang ang mga batayan at sukatan ng pagkatuto tulad ng mga tiyak na teorya, pamantayan at simulain

---

Kasalukuyang nagtuturo si DR. ANGELINA L. SANTOS sa Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika, Kolehiyo ng mga Sining at Agham Panlipunan, MSU-IIT, Iligan City.

(akin ang empasis).

Sa una at ikalawang taon, bagamat ang fokus ay sa gramatika ng Filipino bilang wika, pinanatili pa rin ang pagbibigay-pansin sa mga akdang **Ibong Adarna** at **Florante at Laura** ayon sa pagkakasunud-sunod. Sa ikatlo at ikaapat na taon naman ay ang **Noli Me Tangere** at **El Filibusterismo** ayon rin sa pagkakasunud-sunod, bukod pa sa iba pang mga akdang lokal, rehyunal, nasyunal, at Asyano para sa ikaapat na taon.

Sa ilalim ng "Saklaw at Pagkakasunud-sunod ng mga Aralin sa Bawat Linggo . . . ng Bawat Markahan" nakatala ang ganito – mapanuring pagbasa sa **Ibong Adarna** (unang taon), mapanuring pagbasa sa **Florante at Laura** bilang awit (ikalawang taon); pagsusuri sa pagkapanitikan bilang nobela ng **Noli Me Tangere**; at pagsusuri sa pagkapanitikan bilang nobela ng **El Filibusterismo** (ikaapat na taon).

Batay sa mga nabanggit sa itaas, kung gayon, nangangailangan ang mga tagapagturo ng panitikan ng higit na kaalaman sa pagtuturo nito bilang isang anyo ng artistikong pagpapahayag gamit ang iba't ibang pagdulog.

## Ilang Isyu sa Pagtuturo ng Panitikan

Ayon kay Bisong (nasa Widdowson, 1995:293), "tungkulin ng mga titser sa panitikan na gabayan ang mga estudyante tungo sa malayang kasanayan sa pagbabasa ng panitikan bilang pang-unang kondisyon sa pag-aaral nito." Ngunit ang tanong, nasusunod ba ang binanggit ni Bisong? Bago masagot ito, alamin muna natin ang mga dahilan sa pagtuturo ng panitikan. Una, itinuturo ang panitikan bilang kasangkapan sa pagtuturo ng wika – sa pagbabasa, sa pagsulat, at sa pagsusuri ng istrukturang gramatikal ng wika; pangalawa, itinuturo ang panitikan bilang masining na akdang nagpapakilos sa imahinasyon ng mga mambabasa o tagapakinig upang makagawa ng kritikal na pagsusuri tungo sa lalong ikauunawa sa isinasaad sa akda o sa akda mismo.

Sa unang dahilan, ang fokus ay nasa pag-aaral tungkol sa/ng wika – sa pagsusuri sa mga istrukturang gramatikal at sa pagpapayaman ng vokabularyo. Dito, hindi napagtutuunan ang akdang pampanitikan bilang panitikan kundi bilang lunsaran o kasangkapan lamang..

Sa pangalawang dahilan, ang fokus ay nasa teksto at mga kaugnay na

elemento o sa teksto mismo na kung saan ang pagsusuri ay nilalapatan ng mga tiyak na teorya o pagdulog na angkop sa pagtalakay sa anumang genre ng panitikan. Hindi binabasa o pinakikinggan ang mga salita sa akda nang literal kundi nang may kasiningan – dinarama, binibigyan-buhay, pinag-iisipan, at ayon pa kay Carter at McCarthy (1995:320) ay binibigyan-interpretasyon ng mambabasa o ng tagapakinig. Ngunit nangyayari ba ito? Paano nga ba itinuturo ng maraming mga titser ang panitikan?

Kilalanin natin ang katangiang kailangang taglayin ng titser upang maging mabisa ang pagtuturo ng panitikan batay sa sinabi ni Santos (2001:124-125). Una, may halaga ba sa iyo, bilang titser, ang panitikan o may interes ka ba sa panitikan? Naitanong ang ganito sapagkat sa pagtuturo o pagtalakay ng isang partikular na akda, malaki ang papel na ginagampanan ng nadarama ng titser. Hindi maaaring gabayan ng titser ang kanyang estudyante sa pagpapadama o pag-andar ng imahinasyon, pag-unawa, at pagpapahalaga sa panitikan kung siya mismo bilang titser ay walang niloloob sa akda o sa panitikan.

Ilan sa inyo ang nakabasa ng maikling kwentong **Kwento ni Mabuti** ni Genoveva D. Edroza? Si Mabuti, ang titser sa kwento, ay maihahalimbawa bilang mahusay na titser ng panitikan. Makikita ito sa pahayag ng isa sa mga tauhan ng kwento, ang estudyante ni Mabuti. Ganito ang sinabi ng estudyante –

> *At minsan pa, nang umagang iyon, habang unti-unting bumabalik ang dating kulay sa kanyang mukha, muli niyang ipinamalas sa amin ang mga natatagong kagandahan sa aralin namin sa Panitikan: ang kariktan ng katapangan, ang kariktan ng pagpapatuloy ano man ang kulay ng Buhay.*

Ikalawa, kung ang sagot mo sa unang tanong ay – Oo, may interes ako o may halaga sa akin ang panitikan, ang kasunod na tanong ay – Mahilig ka bang magbabad sa panitikan? o Nagbabasa ka ba ng panitikan? May mga kaalamang teoretikal ka na ba tungkol sa pagbasa o pagsusuri ng panitikan? Maaaring ang sagot ninyo ay – Oo, mahilig akong magbasa/magbabad sa panitikan, pero ano ba iyong mga teoryang pampanitikan?

Marami pa rin sa kasulukuyan sa mga titser sa hayskul ang hindi pa gaanong naliliwanagan tungkol sa mga teorya ng panunuring pampanitikan. Marami ang nagtaas ng kilay nang mabasa nila mula sa "Patnubay ng Operasyonalisasyon ng Filipino . . ." ang mga terminong noon lamang nila naengkwentro, tulad ng formalismo,

istrukturalismo, post-istrukturalismo, sosyolohikal, sikolohikal, moralistiko, feminismo, arketipal, atbp. na ilan lamang sa mga pagdulog na ginagamit sa pagsusuri ng panitikan. At marahil, pagkatapos na mabasa ang artikulong ito may mga magsasabing – Iyon pala iyon! Matagal ko nang inaaplay iyon sa pagtuturo ko ng panitikan!

Ang titser na may dedikasyon sa pagtuturo ay mahilig sumubok ng iba't ibang paraan para sa ikapagiging epektibo ng kanyang pagtuturo. Kaya sa mga titser na may dedikasyon sa pagtuturo, tiyak na iyon ang sasabihin niya. Magkagayunman, kinakailangan pa rin ang lubusang pag-aaral at pagbabasa tungkol sa mga teoryang ito upang lalong maging epektibo ang pagtuturo ng panitikan sa mga estudyante, at upang mabuo ang kompyansa sa sarili bilang titser ng panitikan.

Ikatlo, may bisa ba sa iyo ang akdang binabasa o itinuturo mo? Ayon pa rin kay Santos – "Sa pagtuturo ng panitikan, higit na mabisa ang gurong "tinablan" ng kanyang binasa (narinig) kaysa sa guro na "alam" ang kanyang binasa (narinig)." Ang gurong tinatablan ng kanyang binabasa (naririnig) ay tunay na nakikipag-ugnayan sa akda. Batay dito, maitatanong mo sa iyong sarili – napakilos ba ng binasa ko ang aking isip, damdamin? May nadagdag ba sa akin? May nabago ba? Kung ang sagot mo'y oo, kaya mong gabayan ang iyong estudyante tungo sa malalimang pag-unawa hindi lamang sa kanyang sarili, sa mga bagay-bagay na nakapaligid sa kanya o sa buhay man kundi maging sa kagandahan o kahalagahan ng panitikan. Ang titser ang siyang nagsisilbing tagapamagitan sa akda at sa estudyante.


## Ang mga Teoryang Pampanitikan

Tinatawag na kritisismo ang paggamit ng teorya/mga teorya sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan. Sa paggamit ng mga teoryang ito, matutuklasang maaaring basahin ang panitikan sa iba't ibang kaparaanan.

**Mga tradisyonal na teorya.** Maraming aklat sa panitikan ang nagbibigay-kahulugan sa panitikan bilang "salamin ng lipunan" o "repleksyon ng buhay". Ang ganitong pagtingin sa panitikan ay nakabatay sa teoryang mimetik na nakabatay sa pahayag ni Aristotle, isang pilosopong Griyego, (Reyes, 1992) na – "ang lahat ng uri ng tula – epiko, komedya, trahedya, at iba pa – ay mga imitasyon o representasyon, isang *mimesis*." Dito sa teoryang ito nakakapit ang marami sa mga naunang pagdulog sa pagsusuri ng panitikan. Ilan sa mga naunang pagdulog na ito ay kinabibilangan ng **klasisismo** na nangingibabaw ang isip/bait kaysa sa

damdamin, at kumikiling sa kaayusan. Ang mga tauhan dito ay nasa katayuang nakaaangat sa karaniwang buhay; **romantisismo** na siyang kasalungat ng klasisismo. Nangingibabaw dito ang damdamin kaysa pag-iisip; **ekspresyunismo** na ang kakintalang nalikha sa manunulat ang binibigyang-halaga – diwa ng kaisipan at damdaming nais palabasin; **realismo** na sumusuri sa teksto o akda bilang tagapaglarawan ng totoong buhay; at iba pa.

Sa mga teoryang nabanggit sa itaas kumapit ang iba pang mga tradisyunal na teoryang kinabibilangan ng moralistiko, historikal, sosyolohikal, sikolohikal, bayograpikal at arketipal. Sinusuri ng mga kritiko, gamit ang mga pagdulog na ito, ang teksto ayon sa apat na sangkap ng panitikan – ang akda, ang daigdig o lipunan, ang may-akda/awtor, at ang mambabasa. Tingnan ang konseptwal na balangkas sa ibaba.





Sa pagdulog moralistiko, historikal, at sosyolohikal hindi inihihiwalay ang teksto sa konteksto nito maging ang kahalagahan ng may-akda at mambabasa. Binibigyang interpretasyon ang akda dito sa pamamagitan ng pag-unawa sa panahon o kaligiran o sa mga kontekstong kultural, pulitikal, at pangkabuhayan kung kailan naisulat ang akda. At ang may-akda bilang produkto ng nasabing panahon ang siyang tagatala ng mga kaganapan sa masining na kaparaanan – at iniluwal ang teksto o ang akda para namnamin naman ng mambabasa batay na rin sa kamalayang panlipunan ng may-akda.

Sa **moralistikong** pagdulog, pinahahalagahan ang akda dahil sa mga aral na naidudulot nito sa mga mambabasa o tagapakinig. Kung gayon, malaki ang ugnayan ng akda at ng teksto, at ang may-akda naman ay itinuturing na tagahatid

o mensahero ng mga pagpapahalaga o maging ng kasamaan man.

Ang kaalaman tungkol sa lipunan kung kailan naisulat ang akda ang pinahahalagahan sa pagdulog **sosyolohikal**. Sinusuri rito ang mga kaganapang institusyonal sa buhay ng indibidwal. Ang tao ay bahagi ng lipunan, ng mga institusyong likha rin ng tao – pamilya, simbahan, edukasyon, batas, pulitika, kultura, atbp. Sinusuri rito kung paanong ang indibidwal ay nahubog ng mga institusyong ito; ang mga pakikipagtunggaling nararanasan na maaaring tao laban sa kaligiran, tao laban sa kapwa tao.

Sa pagdaraan ng panahon, tila sinawaang makabasa ang mga batang kritiko sa bansa sa mga akdang, ayon sa kanila, naglulunoy sa sentimentalidad at didaktisismo. Ang mga kabataang ito na produkto ng panahon ng mga Amerikano "ay nahutok ng uri ng edukasyong . . . ibinigay sa isang rehimeng kolonyal" (Reyes: 41) Kabilang dito sina Alejandro G. Abadilla, Clodualdo del Mundo, atbp. na naghimagsik laban sa mga matatandang manunulat/kritiko tulad nina Lope K. Santos, Inigo Ed. Regalado, atbp. Lumitaw sa panahong ito ang mga teoryang nakaugat sa ekspresibong pananaw – sikolohikal, bayograpikal, at arketipal. Sa mga pagdulog na ito, hindi na binigyang halaga ang konteksto.




Ang fokus ay nasa may-akda/awtor at ang kaugnayan niya sa kanyang teksto/akda, sa madaling sabi sa kung sino ang nagsulat. Upang maisakatuparan ito, kinakailangang alamin ng mambabasa o ng kritiko ang talambuhay o pinagdaanang buhay ng may-akda. Sa ganitong sistema ng pagtingin sa akda, ayon kina Bennett at Royle (1999:20) ipinakikita ang relasyon ng fiksyon (akda) sa katotohanan (talambuhay).

Hindi pa rin itinuturing na walang epekto ang mga pangyayari sa kaligiran

ng may-akda. Ang realidad na ito ay tinitingnan bilang hilaw na materyal na napoproseso sa isipan ng may-akda na naaapektuhan na ng kaniyang paniniwala, konsepto, at damdamin. Ang nasa sa loob na ito ng may-akda ang siya na ngayong inilalabas niya sa pagbuo ng kanyang akda. Dahil dito, hindi siya maituturing na tapat na tagapagpahayag ng mga pangyayaring nagaganap sa kanyang lipunan. Itinuturing siyang tiwalag sa lipunan. Pinahahalagahan niya ang pansariling damdamin nang walang pag-aalala sa iba. Ito ang tinitingnan ng kritiko sa akda – ang pagiging matapat sa damdamin at pananaw ng may-akda na ipinakikita sa akda.

## *Pagtalakay sa Ilang Pagdulog*

Ang mambabasa/kritiko sa **sikolohikal** na pagdulog ay sumusuri sa proseso ng paglikha sa akda at ang ugnayan ng may-akda sa kanyang akda, ang dahilan sa paglikha ng akda na ibabatay sa pinagdaanang buhay ng may-akda. Sinusuri rito ang mga tauhan sa akda, ang kanilang mga kilos at kaisipan, ang relasyon sa bawat isa, ang pinagdaanang buhay o mga pangyayaring nakaapekto sa kanilang mga pananaw. Ipinalalagay dito na ang nararamdaman at naiisip ng mga tauhan ay siya ring damdamin at isipang naghari sa may-akda at/o kaya ay ang nais na mangyari nito.

Sa **bayograpikal** na pagdulog, mahalaga ring malinawan hindi lamang ang talambuhay ng may-akda kundi maging ang lipunang ginalawan nito. Hinahanap ng sumusuri ang kaugnayan ng mga pangyayari sa buhay ng may-akda sa isinisiwalat ng kanyang mga akda.

Gamit ang pinagsanib na pananaw mula sa antropolohiya, sikolohiya, at kasaysayan sinusuri sa **arketipong** pagdulog ang paulit-ulit na paglabas o paggamit ng mga imahen at simbolo sa akdang sinusuri na taglay ng mga establisadong naunang akdang kinabibilangan ng mga mito at alamat. Ang pagkakatulad ng mga imahen at simbolong ginagamit ng iba't ibang may-akda ay bunga, ayon kay Jung, ng *collective unconscious*. Ang pananagisag na kadalasang gamitin ay ang araw, buwan, gabi, dugo, atbp. Sa mga tauhan naman, ipagbigay-halimbawa na ang katangiang taglay ni Magdalena mula sa Bibliya. Siya ang babaeng makasalanan na nagbago sa labis na pananampalataya kay Kristo. Kung gayon, sakaling nagkaroon ng tauhang katugma ng sinapit ni Magdalena, ituturing ngayon ang tauhang ito bilang arketipo ni Magdalena. Ngunit dapat tandaan na hindi sapat ang maging kapangalan lamang, kinakailangang taglay ng tauhan ang mga katangian na pinagiging siya niya at ng pinagtutularan.

**Mga makabagong teorya**. Bilang reaksyon sa mga naunang teorya na nagbibigay-suri sa akda gamit ang konteksto, buhay ng may-akda, at pagpapahalaga sa mambabasa, lumabas ang mga makabagong teoryang nagbabalewala sa may-akda. Itinuturing ditong "patay na ang may-akda" na nangangahulugang wala sa teksto/akda ang may-akda. Hindi mahalaga kung ano man ang intensyon ng may akda, ang mahalaga ay ang akda mismo – ang mga "salitang nasa pahina" (na maaaring kakitaan ng intensyon ng may-akda subalit hindi naman tiyak na mapatotohanan, kung kayat itinuring na "patay ang may-akda") (Bennet & Royle:22). Kabilang sa mga teoryang ito ang formalismo, istrukturalismo, post-istrukturalismo, feminismo, pagtanggap o reader response, atbp.

Bagamat halos magkapanabay na lumabas ang teoryang Marxismo sa ilang makabagong teorya, muling pinahalagahan sa pagsusuring ito ang lipunan at ang kahalagahan ng may-akda.

### *Pagtalakay sa Ilang Pagdulog*

Sa pagdulog **formalismo** ang akda ay ahistorikal, ang mambabasa ay hindi pinapahalagahan, ang may-akda ay tiwalag dito. Ayon sa mga tagapagtaguyod ng teoryang ito, ang akda ay may sariling lakas kaya nagiging obhektibo ang pagbibigay-interpretasyon dito. Ang lahat ng kinakailangang mga elemento upang maunawaan ang akda ay matatagpuan sa akda mismo tulad ng forma, istilo, imahen, tono, istruktura, atbp. Layunin ng sumusuri na alamin kung paanong ang mga elementong ito ay nagtutulong-tulong para sa pagpapalutang ng kahulugan ng akda (Kennedy & Gioia, 1995).

Ayon sa mga formalistang Ruso, ang panitikan ay may kaugnayan sa depamilyarisasyon o *ostranenie*; ginagawa nitong di-familyar ang familyar, hinahamon nito ang ating mga paniniwala at mga asumpsyon tungkol sa daigdig at sa realidad. Ang mga patayutay na mga salita at ang kakaibang paraan ng pagpapahayag ng pangyayari ay may kakayahang gawing di-familyar ang ating daigdig.

Sinusuri ang representasyon ng mga kababaihan sa mga akda sa pagdulog na **feminismo**. Sinasabing walang feminista, maskulinista, o seksist na akda – dumedepende lamang ito sa pagtingin ng bumabasa. Kung gayon, ang pagdulog feminista ay nakasandig sa teorya ng pagtanggap kung saan may laya ang mambabasa na magbigay-interpretasyon sa akda. Ang fokus dito ay ang kasarian o jender bilang kategorya ng pag-aanalisa.

Ayon kay Storey (1993), may apat na magkakaibang feminismo – (1) *radikal*, kung saan may paniniwala na ang opresyong nararanasan ng mga kababaihan ay bunga ng sistemang patriyarkal, isang sistema ng dominasyon kung saan ang mga kalalakihan ay may higit na kapangyarihan sa mga kababaihan; (2) *Marxist*, kung saan sa pagsusuri ay lumalabas na ang opresyon ay bunga ng kapitalismo – na nadodominahan ng kalalakihan ang mga kababaihan sa larangan ng pagtatrabaho; (3) *feminismong liberal*, kung saan may di-pantay na pagtingin sa mga kalalakihan at mga kababaihan sa ilalim ng batas sa iba't ibang larangan ng buhay; at (4) *dual-systems theory*, kung saan ang opresyong nararanasan ng mga kababaihan ay bunga ng komplikadong artikulasyon ng patriarkiya at kapitalismo.

Hinati man ang mga teorya sa tradisyunal at makabago, hindi ito nangangahulugan na mas mainam ang isang grupo kaysa sa isang grupo. Ang mga teoryang ito ay nagtutulung-tulungan upang lalong maunawaan ang mga akdang pampanitikan dahil maaaring mabasa ang panitikan sa iba't ibang kaparaanan.

## Paglalapat ng Teorya

Sa bahaging ito, susubukan nating suriin, gamit ang ilang teorya, ang ilang bahagi ng isang akdang pamilyar na sa ating lahat – ang *Florante at Laura* ni Francisco 'Balagtas' Baltazar.

14 Sa loob at labas ng bayan kong sawi,
kaliluha'y siyang nangyayaring hari,
kagalinga't bait ay nalulugami,
ininis sa hukay ng dusa't pighati

15 Ang magandang asal ay ipinupukol
sa laot ng dagat ng kutya't linggatong,
balang magagaling ay ibinabaon
at inililibing na walang kabaong.

16 Nguni, ay ang lilo't masasamang loob,
sa trono ng puri ay iniluluklok,
at sa balang sukab na may asal-hayop,
mabangong insenso ang isinusuob.

17 Kaliluha't sama ang ulo'y nagtayo
at ang kabaita'y kimi't nakayuko
santong katuwira'y lugami at hapo,
ang luha na lamang ang pinatutulo.

18 At ang balang bibig na binubukalan
ng sabing magaling at katotohanan,
agad binibiyak at sinisikangan
ng kalis ng lalong dustang kamatayan.

19 O taksil na pita sa yama't mataas!
O hangad sa puring hanging lumilipas!
ikaw ang dahilan ng kasam-ang lahat,
at niring nasapit na kahabag-habag.

Suriin natin ang anim na saknong sa itaas gamit ang tradisyonal na lapit – ang **sosyo-historikong** pagdulog. Sa pagdulog na ito malaki ang naiaambag sa

pag-alam sa mga pangyayaring naganap sa lipunan ni Balagtas nang ito'y kanyang sulatin. Hindi rin maihihiwalay ang pagbanggit sa malapit na panahon ng kasaysayan ng pananakop ng mga Kastila. Walang pagkakapantay-pantay. Laganap ang kawalan ng katarungan. Ang katarungan ay para sa mayayamang impluwensyal. Lantaran ang kataksilan na maging ang pinunong Kastila na tapat sa tungkulin, sa katauhan ni Gov. Hen. De Bustamante ay pinatay. Ang mapagmahal sa bayan ay ginarote tulad nina Gomez, Burgos, at Zamora. Maging si Balagtas, sa kanyang panahon, ay naging biktima rin ng inhustisya na mababasa sa kanyang talambuhay.

Ang gamit ng kaalamang pangkasaysayan at panlipunan kung kailan naisulat ang akda, ay makatutulong sa pagsusuri ng mga saknong 14 – 19. Maaaring sagutin ang tanong na – Sino/Ano ang dahilan/mga dahilan ng kasawiang dinaranas ni Florante? Anong uri ng tunggalian mayroon sa awit? Mula sa mga katanungang ito, malawak na ang masasakop na pagsusuri sa parte ng mga estudyante. Bilang pagpapatunay, ipabanggit sa mga estudyante ang saknong na naglalarawan o nagpapatunay sa kanilang mga sinabi. Maaaring gabayan ng titser ang mga estudyante sa pagpapasok sa talakayan ng mga posibleng papel ng mga institusyong panlipunan tulad ng pamilya, batas, at iba pa sa takbo ng mga pangyayari.

Suriin naman natin ang mga sumusunod na saknong gamit ang ibang teorya.

361 Napakinggan nila'y ang ganitong saysay;
"Nang aking matatap na papupugutan
ang abang sinta kong nasa bilangguan,
nagdapa sa yapak ng haring sukaban.

362 "Inihinging tawad ng luha at daing
ang kaniyang anak na mutya ko't giliw;
ang sagot kung di kusa kong tanggapin
ang pagsinta niya'y di patatawarin.

363 "Anong gagawin ko sa ganitong bagay,
lubhaang sinta ko baga'y bayaang mamatay?
napahinuhod na ako't nang mabuhay
nasaang prinsipeng irog na kahambal-hambal.

364 "Ang nabalinong matibay kong dibdib
naglagalag sa suyo ng hari, bala at paghibik,
nanlambot na kusa't kumain sa sakit
at nang mailigtas ang buhay ng ibig.

366 . . .

367 "Nang iginagayak sa loob ng reyno
yaong pagkakasal na kamatayan ko,
aking naakalang magdamit gerero
at kusang magtanan sa real palasyo.

368 "Isang hatinggabing kadilima'y
lihim na naghugos ako sa bintana,
walang kinasama kundi nga ang
matunton ang sinta kung nasaang
lupa.

369 "May ilan nang taong ako'y
na pinapalasyo ang bundok at gubat,
dumating nga rito't kita'y nailigtas,
sa masamang nasa niyong taong sukab.

365 "Sa tuwa ng hari'y pinawalan agad
ang dahil ng aking luhang pumapatak,
datapwa't tadhanang umalis sa s'yudad
at sa ibang lupa'y kusang mawakawak.

Maaari nating lapatan ng **feminismong** pagdulog ang pagsusuri sa mga saknong sa itaas. Maaaring basahin ang mga saknong 361 – 369 gamit ang pananaw na feminismong radikal at liberal. Bago pasagutan ang mga katanungan sa mga estudyante, ipabuod muna ang mga pangyayari sa mga saknong sa paraang tuluyan upang matiyak na nakuha nga nila ang ideya/mga ideyang napapaloob sa awit, na hindi lumihis ang pag-unawa sa teksto o akda. Ang mga katanungan, tulad nang nasabi na ay magmumula sa pananaw radikal (ang opresyong nararanasan ng mga kababaihan ay bunga ng sistemang patriyarkal) at liberal (may di-pantay na pagtingin sa mga kababaihan at mga kalalakihan sa ilalim ng batas sa lahat ng larangan ng buhay) – Paano itinatrato ang mga kababaihan sa lipunan nina Flerida? Ano ang tingin ng Sultan sa kanya? Paano binuwag sa akda ang pananaw sa mga kababaihan bilang **objek**? Batay sa mga pangyayari sa awit, maituturing bang mahinang indibidwal si Flerida? Ilan lamang iyan sa mga katanungang maaaring gawing gabay para sa mga babasa ng awit upang lalo nilang mapahalagahan ang akda sa pamamagitan ng mga tauhang nagsisiganap dito.

Kung ang mga katanungan namang gagawing gabay sa pag-unawa sa awit ay tulad ng – Tama ba ang ginawa ng sultan sa kanyang sariling anak? Paano ipinakita ni Flerida ang kanyang pagmamahal para kay Aladin? Maituturing bang mali ang pagtakas ni Flerida upang talikuran ang pangako niya sa sultan? Ano ang aral na napulot ninyo sa awit? Kung kayo si Flerida/ang sultan, gagawin din kaya ninyo ang ginawa nila? – ang pananaw na gusto ninyong ipagamit sa inyong mga estudyante ay ang pagdulog **moralistiko**.

Tingnan ulit natin ang **Florante at** Laura sa ibang pananaw. Sumagi ba sa isip ninyo kung bakit nagsimula ang awit ni Balagtas sa tulang *Kay Celia*? At nagwakas ang huling saknong sa –

*. . .*
*tigil, aking Musa't kusa kang lumagay/*
*sa yapak ni Celia't dalhin yaring Ay! Ay!?*

Nagsimula kay Celia ang awit at nagtapos na si Celia pa rin ang nasa isip ng may-akda. Naramdaman ba ninyo ang paghihinagpis ni Balagtas dahil sa kanyang pangungulila kay Celia sa simula pa lamang ng awit at sa hulihan nito? Naantig din ba kayo sa mga paghihinagpis ni Florante na ang laging laman ng isip ay si Laura?

Kung naiugnay ninyo ang damdamin ni Balagtas sa damdamin ni Florante, nasa landas kayo ng pagsusuring gamit ang **sikolohikal** na pagdulog lalo pa't pinasimulan muna ninyo ang pagbasa sa talambuhay ni Balagtas bago ang buong awit. Maaari rin ninyong tingnan ang pangyayari kung saan tumakas si Flerida mula kay Sultan Ali Adab upang hanapin si Aladin. Hindi kaya iyon din ang iniisip ni Balagtas na gawin ni Celia?

Sana'y makatulong sa inyo ang paglalapat ng iba't ibang mga teorya sa awit ni Balagtas na *Florante at Laura* sa inyong pagbasa pa ng iba't ibang akdang pampanitikan, hindi lamang sa pagbasa kundi maging sa panonood na mga pelikula sa bansa na may kalidad o wala man (bilang bahagi ng panitikang popular).

**Bibliograpi**

Baltazar, Francisco 'Balagtas'. **Ang Pinagdaanang Buhay nina Florante at Laura sa Kahariang Albanya**.

Bennett, Andrew & Nicholas Royle. 1999. **Introduction to Literature, Criticism and Theory, 2nd ed.** Harlow, England: Prentice Hall.

Bisong, Joseph O. 1995. *An approach to the teaching and learning of poetry in Nigeria.* **Principle and Practice in Applied Linguistics,** H. G. Widdowson. Oxford: Oxford University Press.

Carter, Ronald at Michael McCarthy. 1995. *Discourse and creativity: bridging the gap between language and literature.* **Principle and Practice in Applied Linguistics** H. G. Widdowson. Oxford: Oxford University Press.

Reyes, Soledad S. 1992. **Kritisismo Mga Teorya at Antolohiya para sa Epektibong Pagtuturo ng Panitikan**. Pasig, Metro Manila: Anvil Publishing, Inc.

Santos, Benilda S. 2001. *Ang Halaga ng Pagtuturo ng Panitikan Bilang Panitikan sa Panahon ng Agham at Komersyo,* **Daluyan,** Tomo X, Blg. 1 – 4 Edisyong Pangmilenyo, 119-127.

Storey, John. 1993. **An Introductory Guide to Cultural Theory and Popular Culture**. New York: Harvester Wheatsheaf.